

Hindi interesado na Maging isang Kamag-anak na Tagapangalaga?

Huwag mag-alala, makakatulong ka pa rin.

Ang pagpapanatili ng mga koneksyon ng pamilya ay mahalaga para sa mga batang nasa pangangalaga. Maaaring mapanatili ng mga kamag-anak ang mga koneksyon sa mga sumusunod na paraan:

- Makilahok sa Mga Kumperensya ng Ohana;
- Panatilihin ang mga koneksyon sa bata sa pamamagitan ng telepono o nang personal;
- Dumalo sa mga gawain ng bata sa paaralan o isport at/o iba pang mga aktibidad;
- Magbigay ng transportasyon (para sa pagdalaw ng kapatid, sa pagbisita ng magulang, atbp.); at/o
- Ayusin at pangasiwaan ang mga pagbisita ng miyembro ng pamilya (sa mga gawaing pampamilya).

Ang listahan sa itaas ay mga halimbawa ng maaaring mangyari kung naaprubahan at natukoy na naaangkop ng nakatalagang manggagawang panlipunan sa bata, tagapangalagang ad litem (GAL), at/o hukom ng korte ng pamilya.



Mga Karapatan ng Mga Bata sa Bahay Ampunan

Ang kagawaran o awtorisadong ahensya ay dapat tiyaking ang batang nasa pangangalaga ay:

1. Namumuhay sa isang ligtas at malusog na tahanan, malaya sa pisikal, sikolohikal, sekswal, at iba pang pang-aabuso;
2. Tumatanggap ng sapat na pagkain, tirahan, at damit;
3. Tumatanggap ng sapat na pangangalagang medikal, mga serbisyong dental, pangangalaga sa pagwawasto ng paningin, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip;
4. Maipatala sa plano ng segurong pangkalusugan at, sa loob ng apatnapu't limang araw ng pagkakaalis sa tahanan, ay mabigyan ng komprehensibong pagsusuri ng kalusugan at inirerekomendang paggamot;
5. Magkaroon ng regular na pinangangasiwaan o hindi pinangangasiwaan personal, pantelepono, o iba pang mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang at kapatid ng bata habang ang bata ay nasa pangangalaga;
6. Makatanggap ng abiso ng mga pagdinig sa korte at kung nais ng batang dumalo sa mga pagdinig;
7. Makipag-ugnayan nang personal sa itinalagang manggagawa para sa mga serbisyo sa kapakanan ng bata;
8. May kakayahang gamitin ang sariling paniniwalang panrelihiyon ng bata, kabilang ang pagtanggap ng dumalo sa anumang mga aktibidad at serbisyong panrelihiyon;
9. May personal na akawnt sa bangko kapag hiniling;
10. Makakasali sa mga ekstrakurikular, pagpapayaman, pangkultura, at panlipunang gawain;
11. Simula sa edad na labindalawang taon, mabigyan ng pagsasanay sa buhay na naaangkop sa edad at plano ng paglipat para naaangkop na makaalis sa Sistema ng bahay ampunan;
12. May karapatang makasama sa pagbuo ng plano sa kaso at pagpapalano para sa hinaharap ng bata, kung ang bata ay labing-apat o mas matanda pa;
13. Kung ang bata ay labing-apat o mas matanda pa, tanggapin ang ulat sa kredito ng bata, nang walang bayad; at
14. Kung ang bata ay nasa pangangalaga ng higit sa anim na buwan, at tumatanda nang wala sa pangangalaga, makakatanggap ng tulong sa pagkuha ng ilang mga personal na tala tulad ng isang opisyal o sertipikadong kopya ng sertipiko ng kapanganakan ng bata sa Estados Unidos, kard sa Seguridad Panlipunan na inisyu ng Komisyonado ng Seguridad Panlipunan, impormasyon sa segurong pangkalusugan, kopya ng medikal na mga tala ng bata, o impormasyon upang ma-access ang medikal na mga tala ng bata, lisensya sa pagmamaneho o kard ng pagkakakilanlan ng estado.

Para sa Kumpletong Batas sa Mga Karapatan sa Bahay Ampunan, bisitahin ang: <https://www.capitol.hawaii.gov>



Pagiging isang Kamag-anak na Tagapangalaga

Kinakailangan ang Kagawaran na gumawa at idokumento ang mga makatuwirang pagsisikap sa paghahanap at pagpapaalam sa mga kamag-anak kapag ang isang kaugnay na bata ay pumasok sa bahay ampunan.



Ano ang mga Kinakailangan para sa pagiging isang Kamag-anak na Tagapangalaga?

Pinahahalagahan ng Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata (CWS) ang mga ugnayan. Ipinagkakaloob ng CWS ang mga kagustuhan para sa pagkakalipat kasama ang mga kamag-anak at/o mga taong may kaugnayan sa bata. Ang paglilipat sa bata ay nakasalalay sa kanyang mga pangangailangan, pagsusuri ng tahanan, at pagpayag at kakayahan ng kamag-anak na maging isang lisensyadong tagapangalaga. Kung interesado kang maging isang kamag-anak na tagapangalaga, ipagbigay-alam sa itinalagang mangagawang panlipunan ng bata at humiling ng aplikasyon na ibibigay sa iyo.

Ang mga Kinakailangan sa Paglilisensya ay dapat na nakumpleto sa loob ng 90 araw:

1. Mga clearance ng lahat ng mga nasa hustong gulang na indibidwal na nakatira sa sambayanan:
 - Pederal at Pang-estadong clearance bilang kriminal at nagkasala sa panggagahasa;
 - Clearance sa pang-aabuso ng bata at pagpapabaya;
 - Clearance sa pagbibigay ng fingerprint, TB at medikal;
2. Katibayan ng katatagan sa pananalapi;
3. Pagkumpleto ng pagsasanay bilang tagapangalaga;
4. Dalawang personal na sanggunian;
5. Katibayan ng seguro at lisensya sa pagmamaneho (naaangkop sa mga indibidwal na nagmamay-ari ng mga sasakyan);
6. Pagbisita sa bahay at pag-aaral sa bahay;
7. Taunang pag-ulit ng sertipikasyon at iba pang mga kinakailangang itinaturing na mahalaga.

Ano ang Karapatan ng Isang Bata sa Bahay Ampunan?

Ang isang batang nasa bahay ampunan ay binibigyan ng suporta at mga mapagkukunan kabilang ang:

- Mga Pondo ng Pagpapahusay para sa mga gawaing panlipunan (hula, klase sa sining, palakasan, klase sa wika, mga aralin sa paglangoy, atbp);
- Pangangasiwa ng kaso at iba pang mga serbisyo tulad ng pagpapayo;
- Mga Medikal na Benepisyo;
- Katatagang Pang-edukasyon; at
- Iba pang mga serbisyo kung kinakailangan.

May karapatan din ang batang bumisita sa kanyang mga magulang, kapatid, at iba pang miyembro ng pamilya. Ang mga kamag-anak na tagapangalaga ay sumusunod sa mga tagubilin ng korte tungkol sa pagbisita (pinangangasiwaan o hindi pinangangasiwaan).

Ang mga batang nasa pangangalaga ay maaaring nakaranas ng pagkagimbal at pagkawala. Karapat-dapat silang alagaan at suportahan upang gumaling at umunlad.

“Kailangan nating lahat ng isang pansuportang grupo upang masadalan. Ang aking pansuportang grupo ay aking pamilya, paaralan at mga kaibigan. Gumawa sila ng paraan para magtagumpay ako.”

— Samantha, HI H.O.P.E.S

<http://www.yeshawaii.org/hi-hopes/>

"Sa akin, ang pagkakaroon ng ibang magulang na susuportahan ako sa aking mabubuti at hindi mabubuting kalagayan ay talagang mahalaga."

—Kalamaikamala, HI H.O.P.E.S

<http://www.yeshawaii.org/hi-hopes/>

Ano ang Mga Responsibilidad ng isang Kamag-anak na Tagapangalaga?

Ang mga tagapangalaga ay mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa Estado at tumutulong na mapanatili ang mga koneksyon sa pagitan ng bata at kanilang pamilya habang nagbibigay ng mga sumusunod:

- Isang ligtas na tahanan para sa mga batang nasa pangangalaga;
- Tulungan ang mga bata sa pangangalaga na manatiling nakikipag-ugnayan sa kanilang mga magulang, kapatid, at malawak na pamilya;
- Suportahan ang mga pagsisikap na muling pagsamahin ang mga bata sa kanilang mga tunay na pamilyang
- Kung hindi posible ang muling pagsasama, suportahan ang mga pagsisikap upang makamit ang pag-aampon o pangangalaga; at
- Ang pagkakataong magbigay ng habambuhay na suporta para sa mga bata at kanilang mga magulang.

Suporta at Kompensasyon:

- Buwanang Foster Board Reimbursement (batay sa edad ng bata);
- Voucher/reimbursement ng damit (batay sa edad ng bata);
- Mileage Reimbursement (alinsunod sa patakaran ng estado);
- Limitadong Saklaw ng Seguro sa Pananagutan;
- Pagpapatuloy sa Pangangalaga;
- Mga pansuportang grupo o inirekomendang serbisyo; at
- Iba pa — kung kinakailangan at magagamit.